

# ALUGBATI

**Malabar spinach** (*Basella alba L., B. rubraL.*) o mas kilala bilang **Alugbati** ay isang katutubong gulay na kilala sa Pilipinas. Ito ay mahahalintulad sa pangkaraniwan na kulitis o spinach. Nabubuhay ito sa mga tropiko na lugar tulad ng Asya at Aprika. Mabilis ang paglago nito. Hindi nito kailangan ang masusing pag-aalaga.



## URI NG ALUGBATI

Mayroong tatlong uri ng alugbati: *Basella alba* ay mayroong kulay berde na sanga at hugis-itlog o halos mga bilog na dahon; *Basella rubra* ay mayroong pulang tangkay at berde at hugis-itlog hanggang sa mga bilog na dahon; ang pangatlong uri naman ng alugbati ay ang *hybrid* ng dalawang varieties.

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Lumalaki ang alugbati sa mainit na klima. Bumabagal naman ang paglaki nito sa mababang temperatura na maaaring magresulta sa mababang produksyon. Namumulaklak ito sa buwan ng Nobyembre hanggang Pebrero. Mainam na itanim ang alugbati sa medyo mabuhangin o pinong lupa na may pH na 5.5 to 8.0.



## PAGHAHANDA NG LUPA

Ang alugbati ay lumalago ng mahusay sa mga lupa na mataas sa organikong bagay. Gumamit ng compost bilang abono upang magkaroon ang lupa ng sapat na halumigmig at maayos na daloy ng tubig.

## PAGTATANIM

Sa pagtatanim, maaaring gumamit ng buto o pinutol na magulang na sanga nito.

## GAMIT ANG PINUTOL NA SANGA

1. Pumutol ng sanga ng alugbati na 20 - 25 cm ang haba na may hindi bababa sa tatlong (3) internode.
2. Ibabad ang mga pinagputulan sa tubig magdamag o ito ay i-imbak sa isang mamasa-masa at malilim na lugar sa loob ng isa (1) hanggang dalawang (2) araw.
3. Magtanim ng dalawa (2) hanggang apat (4) na pinagputulan na sanga sa 15 - 20 cm sa pagitan ng mga burol at 20 - 30 cm sa pagitan ng mga hilera.
4. Diligan ito ng tubig bago at pagkatapos ng pagtanim kung ang lupa ay tuyo. Gumamit din ng mulch tulad ng damo o dayami.





Masaganang ANI Mataas na KITA
DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898
aticalabarzon
#ISHAREKNOWLEDGE | #ATIiNspire | #ATILEADS

## PAGTATANIM GAMIT ANG BUTO

Maghasik ng mga binhi sa mga hilera o i-broadcast sa punlaan. Ilipat ang mga punla sa 20 cm x 20 cm ang distansya sa pagitan ng mga halaman, tatlong (3) linggo pagkatapos ng pagpupunla. Regular itong diligan upang matiyak ang mataas na pagkabuhay ng halaman.

## PAGPAPATUBO

Sa pagpapatubo ng alugbati gamit ang buto, maghasik ng mga binhi sa mga hilera o i-broadcast sa punlaan. Ilipat ang mga punla sa 20 cm x 20 cm ang distansya sa pagitan ng mga halaman sa 3 linggo pagkatapos ng pagtatanim. Regular itong diligan upang matiyak ang mataas na pagkabuhay ng halaman.

## PAG-AANI

Maaaring anihin ang alugbati sa loob ng 30 – 45 na araw matapos itong itanim. Gupitin ang tangkay nitong pinakamalapit sa lupa o bunutin paitaas ang buong halaman (kung pinatubo gamit ang buto). Hugasan at ibungkos gamit ang panali. Gawin ang pag-aani sa hapon para maiwasan ang pagkaubos ng tubig at mapanatili ang naaning alubgati sa malamig at malilim na lugar.



Masaganang ANI Mataas na KITA
DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**



aticalabarzon
#ISHAREKNOWLEDGE | #ATIiNspire | #ATILEADS